# SMARTER, CLEANER, and STRONGER: THE 1000-PISO POLYMER BANKNOTE

## Kilalanin ang bagong 1000-Piso polymer banknote




*Portrait of the Philippine Eagle by Mr. Floyd P. Bermejo*

### 1. Bakit gustong subukan ng BSP ang paggamit ng perang polymer?

Alinsunod sa pandaigdigang pamantayan at bilang tugon sa nagbabagong mga pangangailangan ng mga Pilipino at ng panahon, patuloy na pinagbubuti ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang pera ng bansa sa pamamagitan ng pagbabago ng disenyo nito gamit ang makabagong teknolohiya kada sampung taon.

Ang mga sumusunod ay nag-uudyok sa agarang paggamit ng perang polymer:

- **Una**, mula nang magsimula ang pandemyang dulot ng COVID-19, naging pangmalawakang pangangailangan ang paglinis ng mga bagay na madalas hawakan gaya ng pera at barya.
- **Pangalawa**, bagama't hindi malaking problema ng bansa ang pamemeke ng pera, patuloy ang mga sindikato sa paggamit ng makabagong paraan at teknolohiya upang mapeke ang serye ng pera na kasalukuyang nasa sirkulasyon.
- **Pangatlo**, dahil sa patuloy na pagtaas ng kakulangan sa tubig at enerhiya, ang pera ay dapat maging mas matibay at recyclable. Ang matibay at recyclable na pera ay makabubuti sa kalikasan at makababawas ng gastos sa produksyon ng pera.

Ang perang polymer ay tumutugon sa mga alalahaning nabanggit dahil ito ay mas matibay, malinis, mahirap pekehin, sulit, at makakalikasan.

### 2. Bakit smarter ang perang polymer?

Ang perang polymer ay smarter kumpara sa perang papel dahil sa makabagong teknolohiya at mainam na paggamit ng resources sa paggawa nito.

Una, dahil sa mga detalyadong imahe at sopistikadong katangiang pangseguridad na nakapaloob sa perang polymer, **mas mahirap itong pekehin**.

Ang Canada, Australia, New Zealand, Malaysia, Mexico, Fiji, at Vietnam, ay nakaranas ng malaking pagbaba sa kaso ng pekeng pera simula nang gumamit sila ng perang polymer. Sa Canada, sa loob ng walong taong paggamit ng perang polymer, bumaba ang dami ng pekeng pera sa 15 mula 470 kada isang milyong banknote na nasa sirkulasyon.

Pangalawa, ang perang polymer ay **mas mabuti para sa kalikasan** (i.e., mas maliit na carbon footprint, mas kaunting paggamit ng tubig at enerhiya, at mas mababang environmental toxicity). Dahil sa mas mahabang buhay ng perang polymer, nababawasan ang dalas ng produksyon ng bagong pera upang palitan ang luma.

Ang perang polymer ay maaari ring i-recycle upang makagawa ng iba't ibang produkto, gaya ng paso, materyales para sa pagtatayo ng gusali, at muwebles para sa hardin.

### 3. Paano naging cleaner ang perang polymer?

**Higit na mas malinis** ang perang polymer kumpara sa perang papel dahil ito ay mas makinis at non-absorptive—dahilan upang maging resistant ito sa tubig, langis, at dumi. Iniulat ng central bank ng United Kingdom na maaaring hugasan o linisin ang perang polymer nang hindi ito nasisira o napupunit gaya ng perang papel.

Ayon sa mga pag-aaral[1] na sinuri ng Department of Health (DOH), mas mabilis mamatay o mawala ang mga mikrobyo at bakterya sa perang polymer kumpara sa perang papel.

Natuklasan din ng DOH na **mas maikli ang buhay o survival rate ng SARS-CoV-2 virus sa perang polymer** kumpara sa perang papel. Tumagal lamang ng pitong araw ang SARS-CoV-2 sa perang polymer sa temperaturang 30 degrees Celsius, kumpara sa 21 araw sa perang papel. Napag-alaman din sa nasabing pag-aaral na 25 porsyento lang ng dami ng bakteryang natagpuan sa perang papel ang natagpuan sa perang polymer.

### 4. Bakit stronger ang perang polymer?

Tumatagal ang perang polymer ng **2 hanggang 5 beses kumpara sa perang papel**. Sa Canada, naitalang tumatagal ang perang polymer ng higit sa 2.5 beses kumpara sa perang papel. Mas mahaba naman ang naitalang buhay ng perang polymer sa New Zealand na tumagal ng higit sa 4.8 na beses kumpara sa perang papel.

Dagdag pa rito, ang perang polymer ay water- at dirt-resistant.

### 5. Bakit mas makatitipid ang taong bayan sa polymer banknotes kaysa sa paper banknotes?

Dahil sa mas mahabang buhay nito, mas kaunti ng kalahati o higit pa ang dami ng perang polymer na kailangang iimprenta kumpara sa perang papel. Samakatuwid, **malaki ang matitipid sa produksyon ng pera**.

### 6. Bakit 1000-Piso ang napiling gawing polymer at hindi ang mas mababang denominasyon (e.g., 50-Piso to 100-Piso)?

Una, ang 1000-Piso ang **pinakamadalas gamiting pera sa sirkulasyon**. Ayon sa datos noong Disyembre 2021, 33.2 porsyento ng dami ng banknotes na nasa sirkulasyon sa bansa (20-, 50-, 100-, 200-, 500-, at 1000-Piso) ay 1000-Piso (samantala, 78 porsyento naman ng pangkalahatang halaga ng banknotes sa sirkulasyon ay 1000-Piso).

[1] Riddell, S.; Goldie S,; Hill, A,; Eagles, D,; & Drew, TW. (2020). The Effect of Temperature on Persistence of SARS-CoV-2 on Common Surfaces. *Virology Journal*.

I-scan ang QR code o bisitahin ang **bit.ly/PolymerPH** para sa karagdagang impormasyon.

*As of 23 June 2022*

Pangalawa, **pinakamadalas pekehin** ang 1000-Piso. Noong 2021, 48.6 porsyento ng pangkalahatang dami ng pekeng pera sa bansa ay may denominasyon na 1000-Piso.

Ito ang dalawang dahilan kung bakit ang 1000-Piso ang napiling gamitin para sa inisyal na sirkulasyon ng perang polymer upang masubukan ang tibay at katangiang pangseguridad nito.

## 7. Kailan ilalabas ang bagong 1000-Piso polymer banknote? Ano ang timeline para sa inisyal na sirkulasyon?

Maglalabas ang BSP ng 500 milyong piraso ng 1000-Piso polymer banknote sa publiko mula Abril 2022 hanggang Hunyo 2023. Ang bilang ng nasabing denominasyon ay bubuo sa 31.9 porsyento ng pangkalahatang dami ng 1000-Piso sa kasalukuyang sirkulasyon.

Naunang dumating sa bansa ang **10 milyong piraso** ng perang polymer na ipinasa sa mga lokal na bangko noong Abril 2022. Tinatayang aabot sa 0.7 porsyento ng pangkalahatang halaga ng 1000-Piso sa sirkulasyon ang nasabing unang batch ng perang polymer. Inaasahang maihahatid sa bansa ang **natitirang 490 milyong piraso** ng perang polymer simula Oktubre 2022 hanggang Hunyo 2023.

Kaakibat ng inilabas na perang polymer ang angkop na pagsasanay para sa mga bangko, supplier ng makinarya, at cash-in-transit (CIT) service providers. Kasabay rin ang mga pampublikong anunsyo at impormasyon tungkol sa disenyo, katangiang pangseguridad, at wastong paggamit ng bagong perang polymer.

## 8. Makakukuha ba ng perang polymer sa ATMs o sa pamamagitan ng OTC transactions?

Ang 1000-Piso polymer banknote ay inisyal na makukuha sa pamamagitan ng over-the-counter transactions sa mga bangko. Kasalukuyang nagtatrabaho ang mga bangko upang magamit na ang mga ito sa ATM transactions.

## 9. Maaari na bang gamitin ang bagong 1000-Piso polymer banknote?

Oo. Ang 1000-Piso polymer banknote ay **legal tender**. Pinakikiusapan ang lahat na huwag iimbak o ipagbili ito sa mas mataas na halaga. **Maaari itong gamitin sa pang araw-araw na transaksyon.**

## 10. Mawawalan na ba ng halaga ang 1000-Piso paper banknote?

Hindi. Walang magaganap na demonitisasyon sa kahit anong denominasyon sa ilalim ng pamumuno ni BSP Governor Benjamin E. Diokno at ng kasalukuyang Monetary Board.

Ang bagong 1000-Piso polymer banknote ay iikot sa sirkulasyon kasama ng kasalukuyang serye ng pera (New Generation Currency paper banknote) tampok ang ating mga bayaning sina Jose Abad Santos, Vicente Lim, at Josefa Llanes Escoda.

Nangangahulugan ito na patuloy at sabay ang paggamit at produksyon ng perang polymer at perang papel sa mga susunod na taon, at maaaring gamitin ang parehong pera sa pang araw-araw na mga transaksyon.

## 11. Ano ang mga disenyo na matatagpuan sa 1000-Piso polymer banknote?

Ang disenyo ng 1000-Piso polymer banknote ay alinsunod sa mga prinsipyo ng integridad ng pera, kaugnayan sa lipunan, kahusayan, pinagkaisang tema, estetika, at pinagbuting katangiang pangseguridad.

Tampok sa **harap na bahagi** ang dalawang pambansang sagisag, ang Philippine Eagle *(Pithecophaga jefferyi)* at ang bulaklak ng Sampaguita *(Jasminum sambac)*. Ang pambansang agila ay sumasagisag sa natatanging katangian ng mga Pilipino, lakas, kakayahan, at pagmamahal sa kalayaan.[2] Kaugnay nito, sumasagisag din ang agila sa ating malinaw na pananaw sa hinaharap. Sa kabilang banda, ang Sampaguita ay sumasagisag sa kadalisayan, pagiging payak, pagpapakumbaba, at kalakasan.[3]

Nasa **likurang bahagi** naman ng bagong 1000-Piso polymer banknote ang mga imahe ng Tubbataha Reefs Natural Park, kilala bilang UNESCO World Heritage Site, disenyo ng habing T'nalak, at ang South Sea Pearl.

## 12. Bakit itinampok ang pambansang agila?

Ang pambansang agila ay isa sa pinakamalakas na ibong mandaragit, at ito ay matatagpuan lamang sa Pilipinas. Kaya naman, isa ito sa mga ipinagmamalaking pagkakakilanlan ng ating bansa.

Angkop ang pambansang agila sa 1000-Piso polymer banknote—ang pinakamataas na denominasyon—dahil **sumasagisag ito sa lakas at pagmamahal sa kalayaan ng mga Pilipino**. Sumisimbulo rin ang agila sa kalayaan at malinaw na pananaw ng BSP na makamit ang isang **mas mabuti at mas inclusive na ekonomiya**.

Dagdag pa rito, ang pambansang agila ay isa sa mga nanganganib na uri ng hayop sa bansa. Kaya naman, ang pagpapakita sa kahalagahan nito, gaya ng pagtatampok nito sa ating pera, ay angkop at napapanahon.

**Hindi ito ang unang beses na itinampok ang pambansang agila sa ating pera.** Ito ay naitampok na sa 50-sentimos na barya na nasa sirkulasyon noong mga nakalipas na dekada. Naitampok na rin ito sa 500-Piso commemorative coin na inilabas noong 2018 upang gunitain ang ika-25 na anibersaryo ng BSP.

Ang pagpili ng BSP sa tema ng disenyo ng pera ay umiikot, at pangkaraniwan nang itinatampok ang mga ipinagmamalaki ng ating bansa sa pamamagitan ng iba't ibang denominasyon. Halimbawa, itinampok si Lapulapu sa 1-sentimo na barya noong mga nakalipas na dekada at, ngayon naman, sa 5000-Piso commemorative banknote. Sa kasalukuyan, ang temang flora at fauna ay nasa 1-sentimo na barya.

## 13. Bakit flora and fauna? Bakit kailangang baguhin ang disenyo ng 1000-Piso polymer banknote?

Sa paglipas ng dekada, patuloy na itinatampok ng BSP sa ating pera ang mga pambansang bayani at ang mga natatanging yaman ng ating bansa.

Ang BSP ay nakapagimprenta at nakagawa na ng higit sa 70 circulated at commemorative na barya, perang papel, at medalya na nagtatampok sa ating mga pambansang bayani.

Naniniwala ang BSP na parehong mahalaga sa ating kultura at kasaysayan ang ating mga pambansang bayani at flora at fauna. Sila ay parehong karapat-dapat na ipagbunyi sa pamamagitan ng ating barya at banknotes.

Ang pagpili sa dalawang temang ito ay nagpapayaman sa numismatikong sining at dinamismo ng ating bansa.

Gaya ng tema na nagtatampok sa ating mga pambansang bayani, ang flora at fauna na tema ay nagpapakita ng ating pagkakakilanlan at pagmamalaki bilang Pilipino. Ang pagbabagong ito ay naglalayong ipaalala ang dedikasyon ng ating bansa upang masiguro ang isang maliwanag na kinabukasan para sa lahat, kabilang ang kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon. Napakahalaga ng aksyong ito dahil sa kasalukuyang isyu sa pagbabago ng klima at iba pang panganib sa kalikasan.

Kaakibat ng mga regulator sa pinansyal na sektor at iba pang kaugnay na ahensya ng gobyerno, tumutulong ang BSP na isulong ang sustainability agenda sa pamamagitan ng pagpapalawig at pagpapalakas ng sustainable investments, kabilang ang mga investment na may kaugnayan sa pagkontrol ng pagbabago sa klima at pagsulong ng isang resilient at low-carbon na ekonomiya.

[2] Proclamation No. 615, Series of 1995 (https://www.officialgazette.gov.ph/1995/07/04/proclamation-no-615-s-1995/?msclkid=78aa027da8c211eca7c2d8689e07f1b1)

[3] National Commission for Culture and the Arts (https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/philippine-fast-facts/national-flower-sampaguita/?msclkid=c6db2e6aaa8611ec9b19eac3706d4c71)